



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN

Ika-3 ng Marso, 2020

Kontak: Juanito Amor Jr. (858) 505-7257

MGA RESULTA NG ELEKSYON – KAILAN AASAHAN ANG MGA ITO

Sa gabi ng eleksyon, nais nating lahat malaman kaagad ang mga resulta. Ngunit ang pagbibilang ng mga balota ay nangangailangan ng panahon, at ang Ika-3 ng Marso na Pampanguluhang Primaryang Eleksyon ay mas kumplikado kaysa sa mga nakaraang eleksyon. Narito ang ilang dahilan kung bakit.

- Isang record ng mataas na bilang ng mga nakarehistrong botante: Ang County ng San Diego ay mayroong mahigit sa 1.8 milyong mga nakarehistrong botante.
- Mas maraming mga balotang pangkoreo ang na-isyu kaysa noon ng opisina ng Tagapagrehistro: mahigit sa 1.35 milyon, at maraming mga botante ang hindi nagbabalik ng mga ito hanggang sa Araw ng Eleksyon. Noong Ika-2 ng Marso, halos lagpas 350,000 botante pa lamang ang nagbalik ng kanilang mga balota.
- Ang Conditional voter Registration sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante at, ang bago ngayong eleksyon, sa mga botohan at ang apat na satellite na lokasyon sa pagboto sa Araw ng Eleksyon. Iyon ay nangangahulugang ang mga botante na hindi nakaabot sa tradisyonal na deadline ng rehistrasyon ay maaari pa rin magparehistro para makaboto at bumoto ng probisyonal na balota.

Sa gayon, ano ang maaasahan ninyo sa Gabi ng Eleksyon?

Ang unang set ng mga resulta ay pumapasok kaagad pagkatapos ng ika-8 ng gabi. Iyon ay ang mga balota na ipinakoreo, isinumite sa mail ballot drop-off points o binotohan sa panahon ng maagang pagboto sa opisina ng Tagapagrehistro o isang satellite na lokasyon sa pagboto bago ang Araw ng Eleksyon.



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-3 ng Marso, 2020

Gabi ng Eleksyon, ang mga balota ng presinto ay dapat ipasok mula sa mahigit 1,548 mga lugar ng botohan sa buong county.

Kapag nasa opisina ng Tagapagrehistro na, ang mga balota ay inii-scan. Habang ginagawa iyon, ang mga resulta ay pana-panahon na ia-update.

Gayunpaman, maaaring hatinggabi na bago dumating ang mga balota ng lahat ng mga lugar ng botohan sa Tagapagrehistro. Ang final na hindi opisyal na mga resulta ng gabi ng eleksyon ay maaaring hindi pumasok hanggang pagkatapos ng ika-3 ng umaga.

Ngunit kabilang lamang dyan ang mga balotang kaagad maaaring maibilang – marahil humigit-kumulang kalahati ng boto.

Ang mga ito ay maaaring maipalagay kung ano ang magiging kalabasan ng ilang labanan, ngunit ang malalapit na mga labanan ay wala pang katiyakan.

Narito ang natitira.

Mga Balotang Pangkoreo. Libo-libo ang hinuhulog sa mga botohan, mga drop-off na lokasyon, opisina ng Tagapagrehistro at mga satellite na lokasyon sa Araw ng Eleksyon. Dagdag dito, ang mga balotang pangkoreo na ipinadala bago o sa Araw ng Eleksyon. Ang mga ito ay mayroong tatlong araw para dumating kung mayroong tatak-pangkoreo sa o bago ang Araw ng Eleksyon.



MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-3 ng Marso, 2020

Pagkatapos mayroong mga probisyonal na balota, na binotohan ng mga botante dahil sa iba't ibang mga kadahilanan. Sila ay pumunta sa isang lugar ng botohan maliban sa kung saan sila itinalaga. Sila ay nag-sign-up sa pagboto sa koreo, pagkatapos nagdesisyon na pumunta na lamang sa botohan, ngunit hindi dinala ang kanilang balotang koreo. At iyong nagparehistro sa Araw ng Eleksyon, na posible na ngayon sa bawat lugar ng botohan. Hindi natin alam kung ilang tao ang gagawa nito. Ngunit ito ay nagdadagdag sa bilang ng mga probisyonal na balota. Para sa bawat probisyonal na balota, ang mga election worker ay dapat siguraduhin na ang botante ay karapat-dapat na bumoto – at karapat-dapat na bumoto para sa mga labanan na minarkahan nila sa balota.

Ang mga election worker ay dapat iproseso, suriin at inspeksyunin ang bawat probisyonal, ipinakoreo at nasirang balota. Ito ay isang prosesong mayroong labis na gawain na nagtatagal ng napakahabang panahon.

“Sa pagitan ng mga balotang pangkoreo at mga probisyonal na balota, ang isang malapit na labanan ay palaging dumadating sa pinakadulo,” sabi ni Vu. “Kailangan nating gawin ang ating buong sikap upang siguraduhin na ang lahat ay tama.”

Ang ilang mga labanan ay maaaring hindi pa mapagpapasyahan para sa ilang mga linggo.

Gayunpaman, ang mga resulta ay dapat masertipika 30 araw pagkatapos ng Araw ng Eleksyon sa Ika-2 ng Marso, at inaasahan ng Tagapagrehistro na gamitin ang bawat minuto ng panahon ng sertipikasyon upang siguraduhin na ang mga resulta ay wasto.



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-3 ng Marso, 2020

Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa sdvote.com o tumawag sa
(858) 565-5800.

###

COUNTYNEWSCENTER

